



**United States Department of Education  
Office for Civil Rights  
FORM NG REKLAMO SA DISKRIMINASYON**

**Hindi ko kailangang gamitin ang form na ito para maghain ng reklamo sa Tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos para sa Mga Karapatang Sibil (U.S. Department of Education's Office for Civil Rights, OCR). Sa halip ay puwede kang magpadala ng sulat sa OCR o magpadala ng email sa halip na ang form na ito, pero dapat kasama sa sulat o email ang impormasyong nasa mga item 1-15 ng form na ito. Kung magpasya kang gamitin ang form na ito, paki-type o paki-print ang lahat ng impormasyon at gumamit ng mga karagdagang pahina kung kailangan mo ng higit pang espasyo. Mahahanap isang online na masasagutang bersyon ng form na ito, na puwedeng elektronikong isumite, sa: <http://www.ed.gov/about/offices/list/ocr/complaintintro.html>.**

Bago tapusin ang form na ito, mangyaring basahin ang lahat ng impormasyong nasa nakalakup na pakete, kasama ang: Impormasyon Tungkol sa Mga Proseso sa Pagresolba sa Reklamo ng OCR, Abiso sa Paggamit ng Personal na Impormasyon, Form ng Pahintulot.

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga karapatang sibil o kung paano maghain ng reklamo, puwede kang makipag-ugnayan sa OCR sa 800-421-3481, 800-877-8339 (TTY), [OCR@ed.gov](mailto:OCR@ed.gov), o sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng pagpapatupad na nagsisilbi sa iyong estado o teritoryo. Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga tanggapan ng pagpapatupad sa: <https://ocrcas.ed.gov/contact-ocr>.

Kung nahihirapan kang maunawaan ang Ingles, puwede kang humingi ng libreng mga serbisyo sa tulong sa wika para sa impormasyon ng Kagawarang ito, sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800- USA-LEARN (1- 800-872-5327) (TTY: 1-800-877-8339), o pag-email sa amin sa: [Ed.Language.Assistance@ed.gov](mailto:Ed.Language.Assistance@ed.gov). Kung mayroon kang kapansanan, puwede kang humiling ng tulong na nauugnay sa kapansanan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa OCR sa 800-421-3481, 800- 877-8339, [OCR@ed.gov](mailto:OCR@ed.gov), o sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng pagpapatupad na nagsisilbi sa iyong estado o teritoryo. Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga tanggapan ng pagpapatupad sa: <https://ocrcas.ed.gov/contact-ocr>. Para hingin ang impormasyong ito sa alternatibong format tulad ng Braille o malaking titik, makipag-ugnayan sa Kagawaran sa 202-260-0852 o [om\\_eeos@ed.gov](mailto:om_eeos@ed.gov).

*Misyon namin na magtiyak ng pantay-pantay na access sa edukasyon at i-promote ang kahusayan sa edukasyon sa buong bansa sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga karapatang sibil.*

1. Pangalan ng taong naghahain ng reklamong ito:

**Apelyido:** \_\_\_\_\_ **Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Address:** \_\_\_\_\_

**Lungsod:** \_\_\_\_\_ **Estado:** \_\_\_\_\_ **Zip Code:** \_\_\_\_\_

**Pangunahing numero:** \_\_\_\_\_ **Alternatibong numero:** \_\_\_\_\_

**Email Address:** \_\_\_\_\_

2. Pangalan ng taong napagdiskriminahan (kung **iba** sa taong nahahain): Kung ang taong napagdiskriminahan ay 18 taong gulang o higit pa, kakailanganin namin ang pirma ng taong iyon sa form ng reklamong ito at sa form ng pahintulot/pagbitaw bago kami makakapagpatuloy sa reklamong ito. Kung menor de edad ang taong iyon, at wala kang legal na kapangyarihan para maghain ng reklamo sa ngalan ng mag-aaral, kinakailangan ang pirma ng magulang, tagapag-alaga, o ibang awtorisadong legal na kinatawan.

**Apelyido:** \_\_\_\_\_ **Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Address:** \_\_\_\_\_

**Lungsod:** \_\_\_\_\_ **Estado:** \_\_\_\_\_ **Zip Code:** \_\_\_\_\_

**Pangunahing numero:** \_\_\_\_\_ **Alternatibong numero:** \_\_\_\_\_

**Email Address:** \_\_\_\_\_

3. Iniimbestigahan ng OCR ang mga reklamo laban sa mga paaralan, kolehiyo at unibersidad, institusyon, at ahensya na nakakatanggap ng pondo o ibang uri ng pinansyal na tulong mula sa Kagawaran ng Edukasyon sa U.S. at laban sa mga pampublikong entidad na pang-edukasyon at silid-aklatan na napapailalim sa mga probisyon ng Title II ng Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act). Pakitukoy ang institusyon o ahensya na nagsagawa ng ipinapatang na diskriminasyon. Kung hindi namin matanggap ang iyong reklamo, susubukan naming i-refer ito sa naaangkop na ahensya at aabisuhan ka namin tungkol dito.

**Pangalan ng Institusyon:** \_\_\_\_\_

**Address:** \_\_\_\_\_

**Lungsod:** \_\_\_\_\_ **Estado:** \_\_\_\_\_ **Zip Code:** \_\_\_\_\_

**Kagawaran/Paaralan:** \_\_\_\_\_

4. Ipinagbabawal ng mga regulasyong ipinapatupad ng OCR ang diskriminasyong batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, o edad. Ipinagbabawal din ng mga regulasyon ang paghihiganti laban sa mga taong ipinaglalaban ang kanilang karapatang maging malaya mula sa diskriminasyon. Pakitandaan ang sumusunod:

- Kasama sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan ang hindi pagbibigay ng makabuluhang access sa mga natututo ng wikang Ingles at mga magulang at tagapag-alaga na may limitadong kasanayan sa wikang Ingles, pati ang diskriminasyong batay sa parehong pinagmulan o etnikong katangian o batay sa pagkamamamayan sa isang bansang may pangunahing relihiyon.
- Kasama din sa diskriminasyon ng lahi, kulay at bansang pinagmulan ang diskriminasyon, kabilang ang panliligalig, dahil ikaw at/o ang iba pang indibidwal ay, halimbawa, Judio, Muslim, Arabo, Hindu, or Sikh; o dahil ng etniko at mga katangiang pangrelihiyon. Halimbawa, mga indibidwal na sumailalim sa mga pambubuska ng lahi (katulad ng mga panliligalig dahil sa pagiging Judio o Muslim); binubuska dahil sa hitsura, pananamit, o pananalitang kaugnay ng kanilang etnikong pinagmulan (tulad ng kulay ng balat, damit na pangrelihiyon, o wika); o binibigyan ng pagtitipo ayon sa iniisip na mga etnikong katangian.
- Kasama sa diskriminasyon batay sa kasarian ang diskriminasyong batay sa mga stereotype sa kasarian, pagbubuntis o ibang nauugnay na kondisyon, sekswal na oryentasyon, at pagkakakilanlan sa kasarian, pati mga alituntunin tungkol sa katayuan ng magulang, pamilya, o pagpapakasal na iba ang pagtrato sa mga tao batay sa kasarian.
- Kasama sa diskriminasyon batay sa kapansanan ang diskriminasyon laban sa mga indibidwal na may pisikal o pangkaisipang kapansanan na makabuluhang nililimitahan ang mahalagang aktibidad sa buhay, pati mga indibidwal na may rekord ng o itinuturing bilang may kapansanan.
- Hindi nililimitahan ng diskriminasyon batay sa edad ang proteksyon laban sa diskriminasyon sa mga partikular na edad (hal. mga taong higit sa 40 taong gulang); gayunpaman, may ilang pagbubukod sa nauugnay na Pederal na batas na maaaring payagan ang pagsasaalang-alang sa edad.
- Ang paghihiganti ay mga kilos na ginawa para sa layunin ng paghadlang sa anumang karapatan sa ilalim ng mga pederal na batas na ipinapatupad ng OCR, o dahil gumawa ka ng reklamo, tumestigo ka, o nakilahok ka sa anumang paraan sa isang pamamaraan ng OCR.

Ilagay ang batayang ng iyong reklamo:

Diskriminasyon **batay sa lahi (pakitukoy)**

Diskriminasyon **batay sa kulay (pakitukoy)**

Diskriminasyon **batay sa bansang pinagmulan (pakitukoy)**

Diskriminasyon **batay sa kasarian (pakitukoy)**

Diskriminasyon **batay sa kapansanan (pakitukoy)**

Diskriminasyon **batay sa edad (pakitukoy)**

**Paghihiganti dahil naghain ka ng reklamo o ipinaglaban mo ang mga karapatan sa ilalim ng mga batas na ipinapatupad ng OCR (pakitukoy)**

Paglabag sa Batas sa Pantay-Pantay ng Karapatan ng Boys Scouts of America  
(pakitukoy)

5. Pakilarawan ang bawat ipinaparatang na nandiskriminang kilos. Para sa bawat kilos, isama ang (mga) petsa ng nandiskriminang kilos na naganap, ang (mga) pangalan ng mga taong kasangkot dito, at kung bakit ka naniniwalang batay sa lahi, kapansanan, edad, kasarian, atbp. ang diskriminasyon. Ibigay din ang (mga) pangalan ng sinumang taong naroon at nakakita ng (mga) nandiskriminang kilos.

6. May mga dokumento o nakasulat na impormasyon ka bang sa tingin mo ay makakatulong sa aming maunawaan ang reklamo mo?
- Wala
  - Mayroon

Kung mayroon ka, pakilarawan ang mga dokumento o nakasulat na impormasyong mayroon ka.

**Kung iinvestigahan ng OCR ang iyong reklamo, maaaring hilingin namin sa iyo na ibigay sa amin ang mga item na nakalarawan sa itaas.**

7. Ano ang **pinakakamakailang petsa** na napagdiskriminahan ka?

**Petsa:** \_\_\_\_\_

8. Kung ang petsang ito ay **higit sa 180 araw ang nakaraan**, puwede kang humiling ng waiver ng kinakailangan sa paghain.

Humihiling ako ng waiver ng 180 araw na panahon para ihain ang reklamong ito.

Mangyaring ipaliwanag kung bakit hindi mo inihain ang iyong reklamo sa loob ng 180 araw.

9. Inireklamo mo ba ang mga paratang na binabanggit mo sa reklamong ito sa iyong paaralan, institusyon, o ibang organisasyon o ahensya?

**OO**       **HINDI**

Kung oo, inireklamo mo ba ang mga paratang na binabanggit mo sa reklamong ito sa pamamagitan ng:

paghain ng panloob na reklamo o apela sa iyong paaralan o institusyon?

pakikilahok sa mga pamamaraan sa karaingan ng iyong paaralan o institusyon?  
pakikilahok sa ibang pagdinig para sa due process sa iyong paaralan o institusyon, o sa pamamagitan ng ibang organisasyon o ahensya ng pamahalaan?

Kung sinagot mo ang **oo sa alinman sa mga tanong sa itaas**, ilarawan ang mga paratang na pinag-usapan mo sa panloob na reklamo o apela, sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng karaingan ng paaralan o institusyon mo, o sa due process na pagdinig, tukuyin ang petsa kung kailan mo inireklamo ang mga paratang at kung saan mo ginawa ang reklamo, at sabihin sa amin ang katayuan ng reklamo, apela, pamamaraan sa karaingan, o due process na pagdinig. Kung maaari, mangyaring bigyan kami ng kopya ng iyong reklamo o karaingan o apela o kahilingan para sa due process at, kung natapos na ito, ang desisyon dito.

10. Kung naihain ang mga paratang na nasa reklamong ito sa anumang ibang Pederal, pang-estado, o lokal na ahensya sa karapatang sibil, o anumang Pederal o pang-estadong korte, magbigay ng mga detalye at petsa. Tutukuyin namin kung naaangkop na imbestigahan ang iyong reklamo batay sa mga partikular na paratang ng iyong reklamo at mga kilos na isinagawa ng ibang ahensya o korte.

**Ahensya o Korte:** \_\_\_\_\_

**Petsang Inihain:** \_\_\_\_\_

**Numero ng Kaso o Reference:** \_\_\_\_\_

**Mga Resulta ng Imbestigasyon/Desisyon ng Ahensya o Korte:**

11. Hindi mo kailangan ng abogado para maghain ng reklamo sa OCR; gayunpaman, kung mayroon ka mang abogado, kailangang direktang makipag-ugnayan ng tauhan ng OCR sa iyong abogado. Kung mayroon kang abogadong kumakatawan sa iyo para dito, pakibigay ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng abogado.

Apelyido: \_\_\_\_\_ Pangalan: \_\_\_\_\_

**Telepono:** \_\_\_\_\_ **Email:** \_\_\_\_\_

12. Kung hindi ka namin matawagan sa iyong tahanan o trabaho, gusto rin naming makuha ang pangalan at numero sa telepono ng ibang tao (kapamilya o kaibigan) na alam kung saan at paano kami maaaring makipag-ugnayan sa iyo. **Hindi kinakailangan** ang impormasyong ito, pero makakatulong ito sa amin.

Apelyido: \_\_\_\_\_ Pangalan: \_\_\_\_\_

**Telepono:** \_\_\_\_\_ **Email:** \_\_\_\_\_

### 13. Opsyon na Makilahok sa Pamamaraan ng Maagang Pamamagitan ng OCR

Nagbibigay ang OCR ng pamamaraan ng maagang pamamagitan bilang pagkakataon para boluntaryong maresolba mo at ng tumatanggap na institusyon ang iyong reklamo hindi matagal pagkatapos mo itong maihain sa OCR.

Ang pamamagitan ay paraan ng resolusyon sa reklamo na iniaalok ng OCR bilang alternatibo sa proseso nito ng imbestigasyon. Ang pamamagitan ay hindi pormal na pamamaraan kung saan ang tauhan ng OCR na sinanay sa pamamagitan ay tutulong sa mga partido na makagawa ng resolusyon sa reklamo ayon sa mapapagkasunduan. Ang namamagitan ay hindi magpapasiya kung sino ang tama o mali at wala siyang awtoridad na magtakda ng dapat gawin ng mga partido. Sa halip, ang namamagitan ay tutulong sa mga partido na makahanap ng resolusyon sa reklamo na katanggap-tanggap sa parehong partido. Ang pamamagitan ay mahigpit na boluntaryong pamamaraan. Kung hindi gusto ng alinmang partido na makibahagi sa pamamagitan, tutugunan ng OCR ang reklamo sa pamamagitan ng mga regular na pamamaraan nito.

***Kung interesado kang makilahok sa pamamaraan ng maagang pamamagitan, dapat mong lagyan ng tsek ang kahon sa ibaba.*** Kung ipahiwatig mo na interesado ka sa maagang pamamagitan sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa ibaba **at** kung matutukoy ng OCR na naaangkop ang reklamo mo para sa pamamaraang ito, makikipag-ugnayan ang OCR sa iyo at sa tumatanggap na institusyon at iaalok ang opsyon sa pagresolba na ito. Kung pumayag ang tumatanggap sa maagang pamamagitan, makikipagtulungan ang OCR sa iyo at sa tumatanggap para makamit ang isang resolusyon sa reklamo na sinasang-ayunan ninyong dalawa. Kung hindi nais ng tumatanggap na makilahok sa maagang pamamagitan, magpapatuloy ang OCR sa regular na pagproseso nito ng reklamo mo. ***Kung hindi mo ipahiwatig na interesado ka sa maagang pamamagitan sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa ibaba, hindi iaalok sa iyo ang maagang pamamagitan at magpapatuloy ang OCR sa regular na pagproseso nito ng iyong reklamo.***

***Interesado akong makilahok sa maagang pamamagitan (Lagyan ng tsek ang kahon):***

***TANDAAN: KAILANGAN mong magsumite ng isang nilagdaang May Kabatirang Pahintulot sa OCR kung nais mong sumali sa isang maagang pamamagitan.***



14. Ano ang gusto mong gawin ng institusyon bilang resulta ng iyong reklamo? Anong remedyo ang hinihingi mo?

15. Hindi namin matatanggap ang iyong reklamo kung wala itong pirma. Pakipirmahan at lagyan ng petsa ang iyong reklamo sa ibaba.

\_\_\_\_\_  
(Petsa)

\_\_\_\_\_  
(Pirma)

\_\_\_\_\_  
(Petsa)

\_\_\_\_\_  
(Pirma ng tao sa Item 2)

Ipadala sa pamamagitan ng koreo o email ang pinirmahang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon, ang iyong pinirmahang form ng pahintulot, at mga kopya ng anumang nakasulat na materyales o ibang dokumento na naniniwala kang makakatulong sa OCR na maunawaan ang iyong reklamo sa Tanggapan ng Pagpapatupad ng OCR na responsable para sa estado kung saan matatanggap ang institusyon o entidad na inirereklamo mo. Makikita mo ang impormasyon sa pagpapadala para sa tamang tanggapan ng pagpapatupad sa website ng OCR sa <https://ocr cas.ed.gov/contact-ocr>.

**FORM NG PAHINTULOT - PARA SA PAGBUNYAG SA IBA NG PANGALAN AT IBANG PERSONAL  
NA IMPORMASYONG NASA FORM NG REKLAMO SA DISKRIMINASYON**

(Paki-print o paki-type maliban sa linya ng pirma)

**Iyong Pangalan:**

---

---

**Pangalan ng Paaralan o Ibang Institusyon na Inireklamo Mo:**

---

- Ang layunin ng form ng pahintulot na ito ay para hilingin ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights, OCR) ang iyong pahintulot para ibunyag ang iyong pangalan at ibang personal na impormasyong nasa Form ng Reklamo sa Diskriminasyon para sa pag-imbetiga at mga kilos sa pagpapatupad ng OCR na nauugnay sa Form ng Reklamo sa Diskriminasyon.
- Halimbawa, para magpasya kung nagdiskrimina ang isang paaralan sa isang tao, madalas ay kailangang ibunyag ng OCR ang pangalan at ibang personal na impormasyon ng taong iyon mula sa kanyang reklamo sa mga empleyado sa paaralang iyon para maberipika ang mga katotohanan o kumuha ng karagdagang impormasyon. Kapag ginawa iyon ng OCR, ipinapaalam ng OCR sa lahat ng empleyado na ang lahat ng anyo ng pahihiganti laban sa taong iyon at ibang indibidwal na nauugnay sa taong iyon ay ipinagbabawal. Maaaring ibunyag din ng OCR ang pangalan at personal na impormasyon ng taong iyon sa mga panayam sa mga testigo at konsultasyon sa mga dalubhasa.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagbubunyag ng OCR ng iyong pangalan o ibang personal na impormasyong nasa Form ng Reklamo sa Diskriminasyon ayon sa inilalarawan sa itaas, maaaring magpasya ang OCR na isara ang iyong reklamo kung magdesisyong ito kinakailangang ibunyag ang naturang impormasyon para malaman kung napagdiskriminahan ka ng paaralan.

**TANDAAN:** Kung maghahain ka ng reklamo sa OCR, puwedeng maglabas ang OCR sa press o sa pangkalahatang publiko ng partikular na impormasyon tungkol sa iyong reklamo, kasama ng pangalan ng paaralan o institusyon; petsa ng paghahain ng reklamo, uri ng discriminasoyong nakasaad sa iyong reklamo; petsa nang naresolba, sinantabi, o isinara ang iyong reklamo; mga pangunahing dahilan sa mga desisyon ng OCR; o iba pang kaugnay na impormasyon. Sa alinmang impormasyon na ilalabas ng OCR sa press o sa pangkalahatang publiko, hindi isasama ang iyong pangalan o ang pangalan ng tao kung para kanino mo inihain ang reklamo.

**TANDAAN:** Kinakailangan ng OCR na tumugon ka sa kanilang mga kahilingan para sa impormasyon. Kapag hindi ka nakipagtulungan sa pag-imbetiga at mga aktibidad sa pag-resolba ng OCR, maaaring isara ang iyong reklamo.

**Pakipirmahan ang seksyon A o seksyon B (pero hindi pareho) at ibalik ito sa OCR:**

- Kung inihain mo ang reklamo para sa iyong sarili, dapat mong pirmahan ang form na ito.
  - Kung inihain mo ang reklamo para sa ibang tao, dapat pirmahan ng taong iyon ang form na ito.
- EKSEPSYON:** Kung inihain ang reklamo para sa ibang tao na wala pang 18 taong gulang o wala sa hustong gulang ayon sa batas, dapat pirmahan ang form na ito ng magulang o legal na tagapag-alaga ng taong iyon.
- Kung inihain mo ang reklamo sa ngalan ng isang klase ng tao, sa halip na isang partikular na tao, dapat mong pirmahan ang form na ito.

- A. Ibinibigay ko sa OCR ang aking pahintulot para ibunyag sa iba ang aking pangalan at ibang personal na impormasyon (pati ng sa menor de edad na anak/inaalagaan ko kung para kanino inihain ang reklamo) na nasa Form ng Reklamo sa Diskriminasyon para sa pag-imbetiga at mga kilos sa pagpapatupad ng OCR na nauugnay sa Form ng Reklamo sa Diskriminasyon.

---

**Pirma**

---

**Petsa**

O

- B. Hindi ko ibinibigay sa OCR ang aking pahintulot para ibunyag sa iba ang aking pangalan o ibang personal na impormasyon (pati ng sa menor de edad na anak/inaalagaan ko kung para kanino inihain ang reklamo) na nasa Form ng Reklamo sa Diskriminasyon para sa pag-imbetiga at mga kilos sa pagpapatupad ng OCR na nauugnay sa Form ng Reklamo sa Diskriminasyon. Nauunawaan ko na maaaring kailangang isara ng OCR ang aking reklamo.

---

**Pirma**

---

**Petsa**

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na totoo at tama na ako ang taong pinapangalanan sa itaas; at, kung ang reklamo ay inihahain ng magulang o legal na tagapag-alaga sa ngalan ng menor de edad na tao/indibidwal na naipahayag bilang walang kakayahang magpasya mag-isa dahil sa pisikal o pangkaisipang kapansanan o edad ng korte na may sapat na kapangyarihan, na ako ang magulang o legal na tagapangalaga ng taong iyon. Nagbibigay lang ang pahayag na ito ng pahintulot para sa pagbunyag ng pagkakakilanlan ng mga tao (at ibang impormasyong personal na nagpapakilala tungkol sa kanila na nasa Form ng Reklamo sa Diskriminasyon) at hindi nito sangkop ang anumang paghahabol na inihain sa reklamo.

*Binago Oktubre 30, 2023*

*Binago noong Hulyo 2022*

## **Sipi mula sa Online na [Interactive na Form ng Reklamo](#)**

### **Lahi / Kulay / Bansang Pinagmulan / Etnisidad / Parehong Pinagmulan**

Kasama sa diskriminasyon batay sa bansang pinagmulan ang diskriminasyon batay sa bansa, rehiyon ng mundo, o lugar kung saan nanggaling ang isang tao o kanyang mga ninuno; ang limitadong kasanayan sa wikang Ingles o katayuan bilang natututo ng wikang Ingles; at ang totoo o ipinagpapalagay na parehong pinagmulan o etnikong katangian ng isang tao, kasama ang pagiging miyembro ng relihiyon na maaaring ituring bilang nagpapakita ng mga naturang katangian (hal. mga mag-aaral na Hindu, Hindu, Jewish, Muslim, at Sikh). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan, mangyaring bisitahin ang [www.ed.gov/ocr/frontpage/pro-students/race-origin-pr.html](http://www.ed.gov/ocr/frontpage/pro-students/race-origin-pr.html).

### **Kasarian**

Kasama sa diskriminasyon batay sa kasarian ang diskriminasyong batay sa mga stereotype sa kasarian, pagbubuntis o ibang nauugnay na kondisyon, sekswal na oryentasyon, at pagkakakilanlan sa kasarian. Kasama sa diskriminasyon batay sa kasarian ang mga alituntunin tungkol sa katayuan ng magulang, pamilya, o pagpapakasal na iba ang pagtrato sa mga tao batay sa kasarian. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa diskriminasyon batay sa kasarian, mangyaring bisitahin ang <https://www2.ed.gov/policy/rights/guid/ocr/sexoverview.html>.

### **Kapansanan**

Ang taong may kapansanan ay tinutukoy bilang sinumang taong may (i) pisikal o pangkaisipang kapansanan na makabuluhang nililimitahan ang isa o higit pang mahalagang aktibidad sa buhay, o (ii) may rekord ng naturang kapansanan, o (iii) itinuturing bilang may naturang kapansanan. Tinutukoy kung mayroong kapansanan ang isang tao nang hindi isinasaalang-alang ang anumang hakbang para mabawasan ito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa diskriminasyon batay sa kapansanan, mangyaring bisitahin ang [www.ed.gov/policy/rights/guid/ocr/disability.html](http://www.ed.gov/policy/rights/guid/ocr/disability.html).